

Panimulang Pagkakatalogo ng mga Lokal na Pangalan ng Ibon sa Pilipinas

EB PEREZ-BELLEN

epbellen@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Sa tunguhin na isang agham konserbasyong Pilipinisado, kailangang sikapin ang pagbuo ng bokabularyo nito na mula sa lokal na kaalaman. Marami nang mga bansa ang nagkakatalogo ng mga lokal na pangalan ng ibon lalo na ang mga bansang mayayaman ang kultura at endemik na biyodibersidad, at maaaring punan ang puwang na ito sa konteksto ng Pilipinas sa pamamagitan ng formalisado at masigasig na pagtipon ng mga pangalan. Bílang panimula, isinagawa sa papel ang isang rebyu ng iba't ibang manwal at dihital na batis upang tipunin ang mga lokal na pangalan ng dalawampung ibon na may malalawak na saklaw (*range*) sa Pilipinas. Nagsagawa rin ng aktibong pagtatanong sa mga grupong may interes sa ibon. Matagumpay na nakapagtalá ng 165 na pangalan sa panimulang katalogo; 107 dito ay natukoy ang etimolohiya. Pinakamalaking bahagdan ang mga pangalang nagmula sa huni ng ibon (55), sumunod ang mula sa Kilos/Ugali (27), Morpolohiya (14), at pinakakaunti ang Habitat (11). Iminumungkahing pagyamanin pa ang nasimulang katalogo at magsagawa ng mas targeted na mga sarbey sa mga komunidad kapag tapós na ang kuwarentenas upang matiyak ang kawastuan ng katalogo at makapagtalá pa ng mahigit sa dalawampung species.

Susing salita: etno-ornitolohiya, etnobiyolohiya, ibon, agham konserbasyon

ABSTRACT

Towards a truly Philippinized conservation science, there needs to be an effort to form and collate a vocabulary borne from local knowledge. Several countries have already catalogued the local names for their avian population especially regions who have a rich and diverse culture and endemic biodiversity, and this gap may be addressed in the Philippine context through a formalized and intensive collection of names. As a preliminary step, the paper reviewed different manual and digital sources to collate various local names of twenty species of birds with wide ecological ranges in the Philippines. Active asking of questions was also done among groups interested in birds and birdwatching. There were 165 names successfully listed; the etymology was determined for 107 of these names. Names derived from birdcalls had the highest percentage (55), followed by Behavior (27), Morphology (14), and Habitat (11). It is recommended to enrich the preliminary list and initiate a more targeted style of surveying in local communities once the quarantine has been lifted to ensure correctness of the catalogue and list names of more than the twenty species considered.

Key words: ethno-ornithology, ethnobiology, birds, conservation



INTRODUKSIYON

Nananatiling kanluranin (Cannon) ang maraming aspekto ng agham konserbasyon, kung saan ang mga polisiya ay madalas na nakabalangkas ayon sa modelong *top-down* (i.e., ang mga polisiya't proyekto'y nanggagaling sa isang "eksperto" at ipapatupad sa "ibabâ"). Sa pagbuo ng listahan ng babasahin hinggil sa deskolonisasyon ng konserbasyon, marami pang natukoy si Cannon na mga isyu bukod sa nabanggit na *top-down* na modelo, gaya ng militarisasyon at karseral na konserbasyon, *displacement*, pagkamkam ng lupa at Lupaing Ninuno para sa mga proyektong pangkonserbasyon, modelong moog (*fortress*) na konserbasyon, pamamanaog ng mga dayuhang siyentista sa bansa upang magsagawa ng saliksik pangkonserbasyon para sa sariling propesyonal na kapakanan nang walang intensiyong bumalik o magsabalikat ng proyekto (*parachute science*), at marami pang iba. Ito ang kinakaharap ng maraming

neokolonyal na bansa. Ibig sabihin, malaki pang espasyo at puwang ang maaaring punan upang lumayo sa pagkakanluraning ito at sumabay sa Pilipinisasyong nagaganap sa kalakhang akademya. Isa sa mga espasyong ito ay ang pormal at masigasig na pagkalap ng mga lokal na ngalan ng iba't ibang organismo sa Pilipinas—partikular na papaksain ng papel na ito ang mga ibon. Ang etnobiyo-lohiya (ang larang na sumisiyasat ng ugnayan ng tao at kaniyang kapaligiran) ay isang medyo bagong larang na masigla ang saliksik sa iba't ibang bahagi ng mundong may mayamang tradisyonal na kaalaman gaya ng mga pangkat-etniko sa Africa (Deikumah et al. 1–13), sa Timog America (Ibarra et al. 89–100), mga Maori ng New Zealand (Wehi et al. 1–9) at mga katutubong Aborihen ng Australia (Abbott 213–278). Kung tutuosin, maihahambing sa mga nabanggit ang yaman ng Pilipinas, kapuwa sa bilang ng katutubò o endemik na biyodibersidad (saribúhay)¹ nito at sa bilang ng mga wika at kulturang

¹ Minarapat na panatilihin ang paggamit ng "biyodibersidad" (hiram mula sa Kastilang *biodiversidad*) sa halip na "saribúhay" mula sa Maignaying Salin. Ikinakatwirang bagaman hindi taal sa mambabasa ang parehong kataga, ay mas intuwitiba at naiintindihan ang saling "biyodibersidad" kaysa neolohismong "saribúhay". Nauunawaan ang merito sa paggamit ng "saribúhay" gayong mas banayad ito sa pandinig, kayâ binanggit na lámang ito sa loob ng panaklong sa unang banggit ng katagang biyodibersidad.

matatagpuan dito. Subalit wala pang gaanong formalisadong tangka na banghayin ang lokal na nomenklatura ng mga ibon sa bansa. Sa paghahanap ng mananaliksik, dalawa lámang ang seryoso at eksklusibong tinalakay ito (Ploeg & van Weerd 127-131; Gonzalez 149-160). Ang lokal na nomenklatura ng mga ibon sa Pilipinas ay yamang kaalamang kailangang aralin at maisateksto hindi lang para sa halagahin nito sa mga proyektong pangkonserbasyon bagkus sa mismong intrinsikong halaga ng sariling wika bago pa ito mawala sa leksikon ng madla.

Pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ang mabanghay ang bansag sa mga ibon sa iba't ibang wika at diyalekto ng Pilipinas. Lilimitahan ang paksang ito sa pagsiyasat ng mga pangalan ng yaon lámang dalampung (20) species na may pinakamalawak na saklaw (*range*). Tunguhin din ng saliksik ang sumusunod na espesipikong layunin:

1. Matukoy ang wikang pinagmulan ng mga pangalan;
2. Matukoy at mapaghambing ang etimolohiya ng mga pangalan;
3. Mailarawan ang mga batis at táong pinagkunan ng datos at ang mga katangian nito/nila bílang mga repositoryo ng kaalaman; at
4. Magbigay ng iláng mungkahi kung paano pang mapagyayaman ang panimulang katalogo at paano pasimunan ang iba pang pagsasabalikat sa ibang bahagi ng bansa.

TRADISYONAL NA KAALAMANG PANG-EKOLOHIYA AT PILIPINISASYON NG AGHAM KONSERBASYON

Hindi susubukin ng papel na bumuo ng tesis tungkol sa Pilipinisasyon ng Agham Konserbasyon sa akademya o sa kalakhang praktis nito. Bagkus, ang bahaging ito ay naglalayon lámang na bigyang simulain at rasyonal ang pagsasagawa ng ganitong uri ng pananaliksik.

Hindi na bago ang konsepto ng tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya sa literatura ng agham konserbasyon. Umusbong ang interes sa pag-aaral nito bago pa ang kilusang deskolonisasyon sa akademya sa nagdaang dalawang dekada (Tuck & Yang 63-73). Marami itong anyo sa larang ng ekolohiya, mula sa mga pag-aaral na tinatalakay ang pagbawi ng mga popular

na naratibo tungo sa katutubòng kamalayan (Grove 15; Rubis 813-827), pagsisiyasat sa sosyopolitikal na kapangyarihan ng mga institusyong nagsasagawa ng konserbasyon (Barber et al. 187-210; Arlyne et al. 3), at aktibong pananaliksik ng mga tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya at mga aplikasyon nito sa konserbasyon (Kimmerer 434-438; Drew 1286). Mayroon nang iláng katumbas nito sa konteksto ng Pilipinas. Halimbawa, tinalakay nina Gabriel (7-17) ang gampanin ng katutubòng kababaihang Dumagat at Ikalahan-Kalanguya sa pangangalaga ng kagubatan. Kinasangkapan naman nina Lavides (238-243) ang tradisyonal na kaalamang ekolohikal sa pagtukoy ng bilis at dahilan ng pagkawala ng mga isda sa katubigan ng Bohol. Tinalakay rin nina Farley (44-50) ang halaga ng pag-igpaw sa limitasyon ng agham at ang kabutihang dulot ng kolaborasyon ng iba't ibang larang, gaya ng antropolohiya, tungo sa isang transdisiplinaring konserbasyon, habang inaaral ang mga sistemang bakawan ng Pilipinas.

Upang mapagtibay pa ang rasyonal na saligan ng papel, ginamit na batayang konsepto ang Pantáyong Pananaw (Salazar) at Sikolohiyang Pilipino (Enriquez) sa konteksto ng agham konserbasyon. Bagaman malayo ang epistemolohiyang pinanghuhugutan ng agham konserbasyon sa sikolohiya at historiograpiya, maaari pa ring iugnay ang mga ito. Una, sang-ayon sa pagsasakatutubòng tunguhin ng dalawang konsepto ang preperensiya sa tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya. Bagaman may mga isyu nang umiinog ukol sa mga patibong (*pitfalls*) na kinakaharap kung ikakahon ang mga katutubò bílang “tagapangalaga ng kalikasan” o *stewardship conservation* (i.e., na may mas malaking talastasang kailangang gawin hinggil mismo sa kakayahang mamuhay ng mga katutubò nang hindi hinihiwalay ang sarili sa kanilang kapaligiran at na hindi lang sila simpleng hiwalay na tagapangalaga nito) (Büscher & Fletcher 288), ang interes at pagpapasinaya sa ganitong uri ng pagtatanong at pananaliksik, isang uring sinusubok umalpas sa mga kanluraning konsepto (gaya ng eksklusyonaryong sistemang *protected areas* (Büscher & Fletcher 290) ay masasabing pasók sa dibuho ng Pantáyong Pananaw. Ang mga pagsisikap na ito ay inaasahang maging tulay tungo sa isang Pilipinisadong agham konserbasyon. Tungo ito, sa palagay ng

mananaliksik, sa isang agham konserbasyong may pagsasaalang-alang (o di kayâ'y pagkiling) sa karunungan at karanasan ng mga táong kagyat na naninirahan sa lupang inaalagaan.

KASALUKUYANG PAGPAPANGALAN NG MGA IBON

Sa kasalukuyan, ang bernakular na mga pangalan ng ibon ay buhat sa International Ornithological Community (IOC) World Bird Listisang listahan ng mga pangalang iminumungkahi ng IOC bilang estandard sa buong mundo, bagaman ang nilalaman nito ay mga suhestiyon lámang (Driver & Bond 1492). Di tulad ng mga siyentipikong pangalan na may mga estriktong tuntunin, ang mga bernakular na pangalan sa Ingles ay hango sa mga pangalang ibinigay ng mga naturalista at biyologong “unang” nagpangalan nito sa kasaysayan ng kanlurang iskolarsyip (Driver & Bond 1493). Ang mga pangalang ito’y madalas deskriptib mula sa pag-aaral ng mga hinúling espesimen, ngunit minsan ay idinaragdag ang pangalan ng iláng Europeong biyologong “nakatuklas” nito bilang karangalan. Sa pag-aaral nina Gillman at Wright (2), madalang ding bigyang prioridad ang mga pangalang taal at katutubò bagaman mas luma at “orihinal” ang mga pangalang ito. Datapuwa’t kung susubukin ngang ibalik ang mga katutubòng pangalan sa teknikal na usapin, iláng reserbasyon din ang lututang hinggil dito gaya ng (1) aling mga pangalan ang nararapat piliin at bigyan ng pansin (dahil sa dami ng iba’t ibang katutubòng pangalan), (2) maaari bang lumikha ng mga neolohismong mas “lokal” o indihenisado sa pandinig upang palitan ang mga banyagang pangalan, at (3) sino ang may karapatang magpapasya ng mga ito (McGlone et al. 1–2). Gayunman, marami nang pagkilos ang nailathala sa hulíng dekada tungo sa pagkilala sa mga katutubòng pangalan bilang bahagi ng talastasang akademiko (Gillman & Wright 1–3; Franco 1–3).

PAG-AARAL NG MGA LOKAL NA PANGALAN NG IBON

Bahagi ng tradisyonal na kaalamang pang-ekolohiya ang mga lokal na pagpapangalan sa mga ibon. Masigla ang mga pag-aaral gaya nito sa iba’t ibang bahagi ng mundo.

Tinalakay nina Koopman, et al. (16–22) ang *folk taxonomy* o yaong lokal na pagkategorya ng mga ibon sa Timog Africa. Dinalumat din nito kung paano nawawala ang paggamit ng mga lokal na pangalan dulot ng globalisasyon, at mga alitan sa pagitan ng mga grupong nais isabalikat ang estandardisasyong Ingles laban sa mga grupong nagsusulong ng pagpapanatili ng mga lokal na pangalan.

Ilinarawan ni Louwrens (98–105) ang sistematikong pag-uuri ng mga ibon ng pangkat-etnikong Sotho sa Africa—na bagaman mas detalyado pa rin ang taxonomiyang Linnaean, may antas pa rin ng pagiging maingat at siyentipiko ang kanilang pagkategorya na maaari pa ngang mas taal o intuwitiba para sa grupong ito, at hindi lang basta listahan ng mga salita sa isang bokubalarayo.

Sa Australia, nakalikha naman ng isang komprehensibong listahan ng higit tatlong libong pangalan ng ibon mula sa iba’t ibang wika at diyalekto ng mga katutubòng Aborihen (Abbott). Tinalakay rin ang iláng mungkahi para sa transisyon kung paano ito magagámit sa ornitohikal na saliksik at konserbasyon.

Sa New Zealand, tiningnan nina Wehi, et al. (1–9) kung ang paggamit ba ng mga lokal na pangalang Maori sa komunikasyong pang-aham at mga pahayagan ay nakatutulong sa pagtaas ng antas ng pagpapahalaga ng publiko sa biyodibersidad. Tinalakay rin nilá ang iláng espesipikong mga salik, gaya ng pagsasaalang-alang sa rehiyonal na mga varyant at konsultasyon sa mga nabubúhay na pangkat, upang matagumpay na maisapubliko ang mga kampanya para sa biyodibersidad nang may paggalang sa mga pinagkunang kultura.

Sa Timog America, sinikap nina Ibarra (89–100) na tipunin ang mga bansag sa ibon ng pangkat-etnikong Mapuche sa Chile at bigyang kategorya ito ayon sa etimolohiya ng bawat pangalan (e.g., ang ibang ngalan ay nagmumula sa pagsasahimig ng mga huni ng ibon, ang iba ay mula sa hitsura, atbp.). Interesante ring kabatiran halaw sa pagkategoryang ito na primaryang pinagbabatayan ng mga katutubòng grupo ang mga tunog at huni upang tumuring sa mga ibon, di gaya ng Ingles na detalyadong hitsura ang pinagbabasehan. Ipinagpalagay pa nga ng mga mananaliksik ang teorya ng *sonic incarnation* o na, para sa mga Mapuche, ang mismong pag-iral o eksistens ng mga ibon ay ang mga tunog na kaniláng

naririnig, at sekundarya na lámang ang biswal na kumpirmasyon (di gaya ng nakagawiang ang eksistens ng ibon ay ang namamasdan nitong katawan, at ang mga tunog ay ginagawa lámang ng katawáng ito).

Lahat ng ito ay mga ekolohikal na saliksik na nagtataguyod ng kalinangang bayan ng isang bansa.

MGA LOKAL NA PANGALAN NG IBON SA PILIPINAS

Sa pananaliksik, dalawang papel lámang ang nakítang seryosong tinalakay ang mga lokal na pangalan ng ibon sa Pilipinas.

Inilista nina van der Ploeg at van Weerd (127–131), kapuwa banyagang mananaliksik, ang mga lokal na pangalan ng ibon para sa mga katutubòng Agta ng Sierra Madre. Sila’y nagpakità ng mga retrato sa anim na katutubò at nagtanong ng akhang pangalan na ginagámit sa mga ibon na ito. Pagkatápos ay kinumpirma ang mga datos na ito sa pamamagitan ng aktibong obserbasyon sa kagubatan kasáma ang mga katutubò. Sa isang mababaw na sipat, masasabing isinulat ang saliksik sa pansilang pananaw, litaw lalo na sa paglalarawan ng mga mananaliksik sa pangkat-etnikong Agta, sa madaliang pagbuo ng kongklusyon sa iláng “pagkakamali” ng mga nakapanayam dahil lámang hindi ito naaayon sa literatura, gayundin ang hindi pagsáma sa mga nakapanayam (na silang batis ng kaalamang nailimbag) sa listahan ng mga awtor.

Sa *Enumerating the Ethno-ornithological Importance of Philippine Hornbills*, binanghay ni Gonzalez (149–160) ang mga kaugalian at halagahing umiikot sa ibong kalaw/tariktik sa iba’t ibang bahagi at etnolinggwistikong grupo ng Pilipinas—bilang palamuti, bilang pagkain, sa paniniwala, sa sining at iba pang interaksyon. Natukoy niyang halos lahat, kung di man lahat, ng lokal na pangalan para sa *hornbill* ay nagmula sa mga huni nito. Kaniya ring ipinanukala sa papel ang iláng maaaring opisyal na pangalan ng mga kalaw sa wikang Filipino na sumusunod sa simpleng format na *lokal na pangalan* + <ng> + *rehiyon na saklaw ng teritoryo ng naturang species*; halimbawa ang *Kalaw ng Luzon* o *Tariktik ng Samar*.

Matatagpuan naman sa mga *field guide* ang iba pang pagsisikap na isáma ang mga

lokal na pangalan bagaman madalas ang mga ito ay kulang-kulang, o matagal nang hindi napaglinang (*outdated*). Madalas ding ang pagsáma nito sa publikasyon ay bílang pahabol lámang o ayon sa diwang *by-the-way* at hindi siyang tunay na pokus ng teksto. Halimbawa nito ay ang *Philippine Birds and Mammals* ni Dioscoro S. Rabor (1977) na may kalumaan na. Sinikap ni Rabor na tapatán ng mga lokal na pangalan ang mga ibong nakalista kaakibat ng wikang pinagmulan nito (Iluko, Tagalog, Bisaya, atbp.). Hinango naman nina Robert S. Kennedy (2000) ang lokal na mga pangalang nailista ni Rabor upang magámit sa pagpapalimbag ng *A Guide to the Birds of the Philippines*, isa sa pinakasikat na kontemporaryong *field guide* ng mga ibon sa Pilipinas. Sa pagsuyod ng mga pangalang ito ay walang nakítang dagdag mula Rabor tungong Kennedy.

Kalát naman sa iba’t ibang sulok ng internet ang iba pang mga pangalan, mula sa mga pang-edukasyong paskil ng mga institusyon at organisasyong pangkalikasan (e.g., Haring Ibon, Birding Philippines, Wild Bird Club of the Philippines, mga brochure ng mga establisyemientong panturismo at mga *country club*) hanggang sa personal na entri ng mga *birdwatcher* sa kani-kanilang pagpapaskil.

METODO

Dahil sa pagsubok ng pandemya, hindi maaaring pumunta at magtanong-tanong ang mananaliksik sa mga komunidad hinggil sa kanilang lokal na kaalaman. Sa halip, gagamitin ng pananaliksik ang sumusunod na metodo:

- pananaliksik sa iba’t ibang batis (literature) gaya ng mga iskolarling papel at mga libro
- panayam sa mga nagsasagawa ng sipat-ibon (*birdwatching*) bílang libangan o propesyon
- paggamit ng Facebook Groups at dihital na datos sa mga grupo o lathalaing may interes sa ibon
 - o pasibong pagmamasid sa mga koment at entri ng mga pagturing sa ibon sa sari-sariling wika
 - o aktibong pagtatanong sa pamamagitan ng pagpapaskil sa grupo

Dahil masyadong maraming species ng ibon ang matatagpuan sa Pilipinas na may iba't ibang lokal na pangalan, kakambal pa ng napakaraming wika at diyalekto, lilitahan lámang sa dalawampung (20) species na may pinakamalawak na saklaw (*range*) (Kennedy et al. 12–13; Allen, 32–377) ang hahanapan ng datos. Sa gayon ay inaasahan ang pinakamaraming varayti ng mga pangalan sa iba't ibang bahagi ng bansa. Hindi na rin muna isasáma ang mga ibong-tubig na maraming pinatutungkulan buhat sa isang pangalan gaya ng mga species sa ilalim ng «pato,» «tagak,» at «tikling.»

RESULTA AT TALAKAYAN

Sa preliminaryong paghahanap ng datos, madalas nakáta ang paggamit ng lokal na pangalan sa mga ilegal na espasyong dihital kayâ't minarapat na isáma sa lista ang sumusunod na species na madalas ikalalak: *Phapitreton leucotis*, *Tanygnathus lucionensis*, *Caprimulgus manillensis* at *Acridotheres cristatellus*; ang tatlong nauna ay mga endemik sa Pilipinas.

Matagumpay na nakapagtalâ ng 165 iba't ibang pangalan ng ibon. Ang mga ito ay masisipat sa Hanay 1 ng Apendiks.

May mga pangalang magkakakorte o kogneyt ng isa't isa. May kalayaang isinagawa ang pagpapasya kung ang dalawang pangalan ay bibilangin bílang isa lámang o dalawang magkaibang pangalan. Sa pangkalahatan, sinunod ang mga tuntunin sa ibabâ:

- Kung patinig na <e/i> o <o/u> lang ang pinagkaiba ng pangalan, bibilangin ito bílang isang entri lámang (hal. perok-perok, pirok-pirok)
- Kung magkahawig ang baybay ngunit nagkaiba sa isang katinig, ituturing pa rin itong dalawang magkaibang ngalan (hal. palago, parago)
- Kung ang isang pangalan ay pag-uulit ng isa pa, ituturing pa rin itong dalawang magkaibang ngalan (hal. sayaw, sayaw-sayaw)

Inangkop ang mga kategorya nina Ibarra, et al. (91) sa pag-uuri ng etimolohiya ng mga pangalan ng ibon ng grupong Mapuche upang isaayos ang mga etimolohiya ng pangalan sa saliksik. Sa kanilang pananaliksik, nakalikha sila ng limang kategorya: pagsasahimig


(*onomatopoeia*), hitsura/morpolohiya (*appearance*), ugali/kilos (*behavior*), dúlot na pakiramdam (*sensory perception*) at habitat. Piniling tanggalin ang kategoryang “dúlot na pakiramdam” (i.e., sa mga Mapuche, minsan ay iginagawad ang pangalan hango sa pakiramdam na dúlot ng ibon sa kung sino man ang makakitâ nito), dahil hindi ito lumabas sa alin mang resulta. Pinili ring isalin ang *onomatopoeia* tungong “pagsasahuni” sa halip na “pagsasahimig” dahil mas akma ito sa talakay. Ang pinal na apat na kategorya ay:

- Pagsasahuni- ang pangalan ay nagmula sa huni ng ibon
- Morpolohiya- ang pangalan ay nagmula sa hitsura ng ibon
- Kilos/ugali- ang pangalan ay nagmula sa kilos ng ibon tuwing ito ay makikita, o mga araw-araw na kaugalian ng ibon
- Habitat- ang pangalan ay nagmula sa lugar kung saan madalas natatagpuan ang ibon

Ang mga pangalan ay ihinambing sa mga bokalisasyong isinateksto ni Allen (32–377) at pinakinggan din ang bawat isang huni sa xeno-canto.org, isang repositori ng mga huni at mga tuwit ng ibon, upang matukoy kung nagmula ba ito sa pagsasahuni. Tinanong din, kung maaari, ang mga sumagot sa paskil kung kaniláng mabibigyan ng idea kung bakit naging ganoon ang pangalan ng ibon. Paminsan ay nagtanong-tanong sa mga bihasa sa wikang pinagmulan upang mabigyan ng matalinong haka ang etimolohiya ng pangalan. Hindi inilista kung hindi gaanong tiyak ang atribusyon sa kategorya.

Sa 165 na pangalang ito, natukoy nang may kasiguruhan ang etimolohiya ng 107 pangalan. Sa nalalabíng 58, ipinagpapalagay na maaari pa rin itong hanapan ng etimolohiya, bagaman litaw sa ibang mga pangalan dito ang pagiging ganap na salita para sa isang buong klase o hugis ng ibon. Halimbawa, ang “maya”, bagaman hindi nahanapan ng etimolohiya ay mapapansing ugat ng iba pang uri nito gáya ng “mayang pula” at “mayang kosta”. Gayundin ang “tamsi” na marahil ay ganap na salitang Bisaya para sa mga ibong nása ilalim ng pamilya *Nectariniidae* dahil sa mga varyant nito gaya ng “tamsi nga pula”. Halimbawa pa ang “denas” bílang salitang Kapampangan para sa maliit na ibon at sinasari bílang “denas malutu” at “denas pale”. At panghulí

ay ang “bilit” at “langgam” na salin lámang ng salitang ibon sa Iluko at Bisaya, ngunit ginámit bílang pangturing sa “ibong simbahan”, “bilit balay” at “langgam pari”. Ipinagpapalagay na marahil itong pagiging ganap na salitang may malayong ugat at etimolohiyang hindi halata ay tunay rin sa iba pang ngalang hindi matukoy ang etimolohiya. Halimbawa’y siguro ang “galansiyang” ay maaari nang tawag sa iba-ibang uri ng ibong *starling* noon pa man.




Dayagram 1. Bahagdan ng mga pangalan sa bawat etimolohiya

Makikíta sa Dayagram 1 ang dami ng bawat pangalang natukoy ang etimolohiya sa bawat kategorya.

Halimbawa ng pagsasahuni ay ang pangalang “korokotok” ng *G. striata* na mula sa huni ng malakalapating “kru... kru...”. Halimbawa naman ng etimolohiyang morpolohiya ang katawagang “maria kapra” sa *R. nigritorquis* dahil sa malaabaniko nitong buntot. Ang parehong ibon ay tinatawag ding “pandanggera”, “paypago” o “bangkiyod” dahil naman sa kilos o ugali nitong pagpaypay ng buntot na parang sumasayaw o kumikiyod. Halimbawa naman ng habitat ang katawagan sa *L. atricapilla* na “denas pale” o mayang palay dahil madalas itong nakikíta sa mga sakahan at palayan (Kennedy et al.; Allen 32–377).

Nangunguna ang mga pangalang nagmula sa huni ng ibon na may bílang na 55. Sumunod ang mula sa Kilos/Ugali (27), Morpolohiya (14), at pinakakaunti ang Habitat (11). Sinusundan ng ganitong bahagdanan ang omnipresens ng etimolohiyang pagsasahimig sa pandaigdigang konteksto na ipinanukala nina Ibarra, et al. (2020) nang kaniláng gawan ng sintesis ang iba pang pag-aaral ng mga lokal na pangalang pang-ibon ng mga katutubòng grupo sa mundo. Maipapaliwanag ánilá ito sa teoryang

umwelt-umgebung (Von Uexküll 19–29). Ang *umwelt* ay ang danas at paggilalas ng isang organismo sa mundong kaniyang ginagalawan; iba ang *umwelt* ng kuto, halimbawa, sa *umwelt* ng tao. Ang *umgebung* naman ay ang pag-iral ng isang organismo sa *umwelt* ng isa pa. Ibig sabihin, interesante sa ating maunawaan ang *umgebung* ng ibon sa *umwelt* ng tao, o yaong referens ng pag-iral nito sa mundo’t danas ng tao (maaaring balahibong bagwis, bakás ng paa, o, pinakamadala, ang kanilang huni)—na ang pangunahing persepsiyong nawawari ng tao sa mga ibon (silang madalas na lumilipad o nakatago sa kakahuyan) ay ang kaniláng huni. Samakatwid, ang primaryang semiotikong pag-iral ng ibon sa *umwelt* ng tao (noong wala pang teknolohiya para sa malapitang pagsipat gámit ang mga baynokyular, o preserbasyon para sa malapitang eksaminasyon) ay hindi “isang maliit na nilalang na may dalawang paa at may ganito o ganireng kulay”, bagkus isang *ingay/tunog*. Subalit dahil ang ganitong pagpapaliwanag ng penomena ay nakaugat sa spesipikong mga karanasan ng iba’t ibang katutubòng grupo ng mundo, hindi pa panatag ang may-akdang lumikha ng kongklusyon para sa saliksik na ito na may kalawakan ang saklaw. Gayumpaman, solidong haypotesis o hinuha na ito para ipaliwanag ang pagkamayorya ng etimolohiyang pagsasahuni sa nakalap na datos.



Dayagram 2. Bahagdan ng mga pangalang nakatalá sa Kennedy

Ang *A Guide to the Birds of the Philippines* ni Kennedy ang isa sa mga pinakakomprehensibong indeks ng mga ibon sa Pilipinas na nailimbag. Di gaya ng iba pang *field guide*, tampok dito ang mga lokal na pangalan ng ibon halaw sa publikasyon ni Rabor. Makikíta sa Dayagram 2 na bagaman

marami na rin ang pangalang nailista sa librong ito, malayo pa ang maaaring pagpapayaman at paglinang ng mga pangalang naisateksto rito.

Bukod sa mga batis na libro at iskolarling papel, ginámit din ang kalat-kalat na datos na matatagpuan sa internet. Halimbawa’y ang mga paskil ng mga organisasyon sa konserbasyon at mga personal na *database* na ipinahiram para sa saliksik. Matatagpuan din sa mga diksyonaryo ng mga rehiyonal na wika ang iláng mga pangalang naitalâ at ang mga ito ay nakumpirma sa aktibong pagtatanong-tanong sa mga grupong dihital.

Interasanteng banggitin na napansing masiglang ginagámit ang mga lokal na pangalan ng ibon sa mga ilegal na espasyo sa internet. Halimbawa ay mga grupong “Martines Buy and Sell” o di kayâ’y “Alimukon Trading.” Bagaman hindi ibinilang at isinaestadistika ang mga ito, malinaw na kalitatibong obserbasyon na halos lahat ng mga paskil sa mga grupong ito ay gumagámit ng lokal na pangalan at hindi nakftang ginámit ang mga bernakular sa Ingles na *White-eared Brown Dove* o *Blue-naped Parrot*. Malaki ang ipinagkaiba nito sa mga grupong pang-*birdwatching* o *photography* na madalas Ingles ang pambungad na pangalan at pahahabulan ng lokal na pangalan kung mayroon man. Magandang aralin ang penomenang ito at kung may korelasyon ba sa pagkatuto ng Ingles na bernakular ang pagsunod sa batas pangkalikasan at kung may usapin ba ng uri o antas ng pamumuhay na kailangang tingnan at kung naipararating ba sa iba’t ibang demograpiko ang inisyatiba ng konserbasyon. Siyempre, mahalaga ring banggiting hindi aktibong nakilahok sa mga ilegal na grupo upang isagawa ang saliksik na ito, at kasunod ding iniulat ito sa sistema ng *Facebook*.

Panghulí, upang mabigyang karakterisasyon ang paggamit ng mga lokal na pangalan, nakipanayam sa dalawang propesyonal na *birdwatcher* ang mananaliksik. Natukoy na ang kaalamang ito ay mas konsentrada sa mga nakatatanda at ang kaalaman ng mga *birdwatcher* ay dulot lámang ng pasa-pasahang orál tuwing sila ay bumibisita sa mga pook-*birdwatching* na may karatig na komunidad. Sa ganitong paraan, impormál na nagsasagawa ang mga *birdwatcher* ng kaniáng sariling pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan kahit na walang pananaliksik na umiiral. Nabanggit

ding mas ginagámit ang mga lokal na pangalan ng mga katutubòng grupo at mga mangangaso na nakakasalamuha ng mga *birdwatcher*. Nabanggit din sa panayam ang bagabag ng mga *birdwatcher* na hindi na maging pamilyar ang bagong salinlahi sa mga lokal na pangalang ito. Panghulí, naungkat din ang paggamit ng iba’t ibang lokalidad ng mga endemik na hayop o halaman bílang *flagship species* nito at madalas na gamítin ang lokal na pangalan para rito tuwing magdiriwang sa ngalan nito.

KONGKLUSYON

Matagumpay na nakalikha ng panimulang katalogo na may 165 iba’t ibang pangalan ng ibon. Malaking bahagdan (55) nito ay mga pangalang ginaya o nagmula sa huni ng ibong pinatutungkulan at maaaring ang dahilan ay ang tunog bílang pangunahing pag-iral ng ibon sa mundo ng tao. Sumunod dito ang mga pangalang halaw sa kilos/ugali, sa morpolohiya, at sa habitat. Natuklasan ding maraming lokal na pangalan ang kalát na nakatalâ sa internet, sa mga pribadong lista ng mga *birdwatcher*, pati na ang mga ilegal na espasyo, at kailangan lámang masinsinang tipunin ang mga ito. Sa masigasig na pagpapayaman ng katalogo ay maibabalik sa dila ng publiko ang paggamit ng mga lokal na pangalan ng mga ibon at siyang maaaring gawing tulay sa epektibong komunikasyon ng mga inisyatiba sa konserbasyon nang may pananaw na tunay na pantáyo at kalikasang pang-atin.

MUNGKAHI

Iminumungkahing pagyamanin pang tuluyan ang nasimulang katalogo ng mga lokal na pangalan. Kung maaari nang bumisita sa mga komunidad mismo sa pagtatapós ng kuwarentenas, mainam na balangkasin ang saliksik sa mga maliliit na komunidad lámang sa halip na pangmalawakang paghahanap sa iba-ibang wika o pagsuyod sa internet. Sa gayon, mas marami pa sa dalawampung species ang maaaring bigyang pansin, at makalilikha rin ng mas malalim na naratibo ukol sa mga halagahin, pamahiin, at interaksiyon ng komunidad sa mga ibon. Magagawa ito ayon sa mga metodo ng Sikolohiyang Pilipino na pagtatanong-tanong at pakikipagkuwentuhan

na nabanggit na ng mga nakapanayam ng birdwatcher bílang epektibong paraan ng pagpapasang-dunong ng mga karunungan orál.

Kinikilala rin ang limitasyon ng may-akda sa wika, kayâ't inaasahan ang masigasig na pagpapasinaya at pangunguna ng iba't ibang iskolar sa pagkakatalogo ng mga pangalan sa sari-sariling rehiyon. Sa ganitong pagtingin, ang panimulang katalogo ay paglalatatag lámang ng maaari pang gawin, hindi ng may-akda, kundi ng mga antropologo at biyologo ng iba't ibang bahagi ng Pilipinas.

Maaari ring siyasatin ang paglitaw ng ibon sa mga pista ng mga lokalidad o sa kulturang popular. Maaari ring balikan ang naging mga pangalan at pagturing sa mga ibon sa mga lumang teksto at dokumento, mula pa noong panahon ng Español. Para naman sa pamahalaan at mga institusyong may kinalaman sa konserbasyon, iminumungkahing sikaping iangkla ang mga pabatid at publikasyon sa lokal na konteksto at punto-de-bista sa pamamagitan ng paggamit ng lokal na pangalan ng mga organismo. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Abbott, Ian. «Aboriginal names of bird species in south-west Western Australia, with suggestions for their adoption into common usage.» *Conservation Science Western Australia* 7.2 (2009).
- Allen, D. (2020). *Birds of the Philippines*. Lynx and BirdLife International Field Guides. Lynx Edicions, Barcelona.
- Johnson, Arlyne, et al. «More than an academic exercise: Structuring international partnerships to build research and professional capacity for conservation impact.» *Conservation Science and Practice* (2021): e539.
- Azores, J. P. C. (w.p.). *Warayan Bird Vocabulary Database*. Di-nailimbag na database.
- Barber, Paul H., et al. «Advancing biodiversity research in developing countries: the need for changing paradigms.» *Bulletin of Marine Science* 90.1 (2014): 187-210.
- Büscher, Bram, and Robert Fletcher. «Towards convivial conservation.» *Conservation & Society* 17.3 (2019): 283-296.
- Cannon, S. E. (2019). Decolonizing Conservation: A Reading List. *Zenodo*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.4429220>
- Drew, Joshua A. «Use of traditional ecological knowledge in marineconservation.» *Conservation biology* 19.4 (2005): 1286-1293.
- Deikumah, Justus P., Vida Asieduwaa Konadu, and Richard Kwafo. «Bird naming systems by Akan people in Ghana follow scientific nomenclature with potentials for conservation monitoring.» *Journal of ethnobiology and ethnomedicine* 11.1 (2015): 1-13.
- Driver, Robert J., and Alexander L. Bond. «Towards redressing inaccurate, offensive and inappropriate common bird names.» *International Journal of Avian Science* (2021): 1492-1499.

- Enriquez, V. G. (1976). *Sikolohiyang Pilipino: Perspektibo at Direksyon*. Inilathala sa Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino, Quezon City: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. 221-243.
- Farley, Joshua, et al. «Conserving mangrove ecosystems in the Philippines: transcending disciplinary and institutional borders.» *Environmental Management* 45.1 (2010): 39-51.
- Franco, F. Merlin. «Intellectualist premise of folk names support their restoration in formal taxonomy.» *Ethnobotany Research and Applications* 21 (2021): 1-3.
- Gabriel, Arneil G., Marianne De Vera, and Marc Anthony B. Antonio. «Roles of indigenous women in forest conservation: A comparative analysis of two indigenous communities in the Philippines.» *Cogent Social Sciences* 6.1 (2020): 1720564.
- Gillman, Len Norman, and Shane Donald Wright. «Restoring indigenous names in taxonomy.» *Communications Biology* 3.1 (2020): 1-3.
- Gonzalez, Juan Carlos T. «Enumerating the ethno-ornithological importance of Philippine hornbills.» *Raffles Bull Zool* 24 (2011): 149-161.
- Grove, Richard H. «Colonial conservation, ecological hegemony and popular resistance: towards a global synthesis.» *Imperialism and the natural world*. Manchester University Press, 2017. 15-50.
- Ibarra, J. T., Caviedes, J., & Benavides, P. (2020). Winged voices: Mapuche ornithology from South American temperate forests. *Journal of Ethnobiology*, 40(1), 89-100.
- Kennedy, Robert S., Gonzales, P. C., Dickinson, E. C., Miranda, H. C. & Fisher T. H. (2000). *A Guide to the Birds of the Philippines*. Oxford University Press, New York.
- Kimmerer, Robin Wall. «Weaving traditional ecological knowledge into biological education: a call to action.» *BioScience* 52.5 (2002): 432-438.
- Koopman, Adrian, and Eckhart Buchmann. «Taha taha taha: South African bird names across time, language and usage.» *Ostrich* 91.1 (2020): 13-23.
- Lavides, Margarita N., et al. «Finfish disappearances around Bohol, Philippines inferred from traditional ecological knowledge.» *Environmental Conservation* 36.3 (2009): 235-244.
- Louwrens, L. J. «On the generic nature of common Northern Sotho bird names: a probe into the cognitive systematization of indigenous knowledge.» *South African Journal of African Languages* 24.2 (2004): 95-117.
- McGlone, Matt S., et al. «Proposal to ‘restore’ indigenous names misunderstands the complementary nature of botanical nomenclature and indigenous vernacular plant names.» *New Zealand Journal of Botany* (2021): 1-12.
- Ploeg, J., and M. van Weerd. «Agta bird names: an ethno-ornithological survey in the Northern Sierra Madre Natural Park, Philippines.» *Forktail* 26 (2010): 127-131.
- Rabor, Dioscoro S. (1977). *Philippine Birds and Mammals*. University of the Philippines Press, QC.
- Rubis, June Mary. «The orang utan is not an indigenous name: knowing and naming the maias as a decolonizing epistemology.» *Cultural Studies* 34.5 (2020): 811-830.
- Salazar, Z. (1991). *Ang Pantayong Pananaw Bilang Diskursong Pangkabihasnan*. Pilipinolohiya: Kasaysayan, Pilosopiya at Pananaliksik, 46-72. Manila: Kalikasan Press.

Tuck, Eve, and K. Wayne Yang. «Decolonization is not a metaphor.» *Tabula Rasa* 38 (2021): 61-111.

Wehi, Priscilla M., et al. «Enhancing awareness and adoption of cultural values through use of Māori bird names in science communication and environmental reporting.» *New Zealand Journal of Ecology* 43.3 (2019): 1-9.

Von Uexküll, Jakob. *A foray into the worlds of animals and humans: With a theory of meaning*. Vol. 12. U of Minnesota Press, 2013.



Si EB PEREZ-BELLEN ay isang mag-aaral sa antas batsilyer ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtapós siya sa Mataas na Paaralan ng Pilipinas sa Agham sa ilalim ng trak na Biyolohiya. Isa rin siyang birdwatcher at tagasalin na nangangarap pag-agpangin ang Agham at Araling Pilipino sa mga larang ng etnobiyolohiya at agham konserbasyon. Maaari siyang makontak sa eb.perez.bellen@gmail.com.

APENDIKS

Hanay 1. Komprehensibong talá ng mga lokal na pangalan at kaakibat na etimolohiya. Lahat ng hindi hangó sa mga metodong pasibong pagmamásid at aktibong pagtatanong ay mula sa mga batis nina Rabor (1977), Kennedy (2000), van der Ploeg at van Weerd (2010) at Azores (w.p.).

Siyentipikong Pangalan (Bernakular sa Ingles)	Saklaw	Mga Lokal na Pangalan						
		Mula sa	Etimolohiya					Ilang talá
			Pagsasahuní	Morpolohiya	Kilos/Ugali	Habitat	Di matukoy/ganap na salita	
<i>Passer montanus</i> (Eurasian Tree Sparrow)	R	Il				Bilit balay, Bilit simba-an, Manabalay,	Batingul	Di gaanong mahiyain sa tao kayâ't madalas makita sa bahay o sa simbahan = "pari", "simbahan", "balay". Maaaring "bungol" (bingí) dahil maingay o bungol dahil sa itim na nakikitá sa may tainga nito. Langgam/bilit = ibon. Kogneyt ng <i>Gorrion</i> na maliit na ibon sa Español.
		Kap					Denas	
		Ag					Trompon	
		Tag				Mayang simbahan, Ibong simbahan, Pari-pari	Maya	
	Ceb				Langgam pari, Langgam sa pari	Tagmaya, Maya		
	Wa		Maya nga bungol					
	Es						Guryon	

<p><i>Pycnonotus goiavier</i> (Yellow-vented Bulbul)</p>	R	Il	Pirruka, Perperroka ^{iu}									<p>Ang humi ay paputol-putol na matinis na “trikutruk-trikutruk-trikutruk”</p>	
		Ag											
		Tag	Purak, Pirruka, Perperroka ^{iu} , Luklak, Kulkul, Burawraw										
		Bik											
		Ceb	Perok-perok, Perok ⁱ										
		Bo	Parak-parak, Parak										
		Wa											
		Il	Kiyaw										
		Ag		Pato dilaw									
		Tag	Kilyawan, Kulyawan, Kiyaw, Kikiyaw										
		Bik	Kikiyaw, Kilyawan										
		Pal	Tutulyaw										
		Ceb	Tuliyaw, Tulihaw, Antulihaw										
Bo	Antulihaw, Antulihawon												
Wa	Bidiraw, Kukuyaw, Tulihaw, Tahilaw												
<p><i>Oriolus chinensis</i> (Black-naped Oriole)</p>	R											<p>Ang humi ay malakas at bilugang sipol na “pui-yaaaaaouw” o kiyaw. Matingkad na dilaw ang kulay.</p>	

										Palal, Panal	Ang huni ay magaspang at mabilis na "chikichikchiki".
Il											Mayroong noryong ang mga Agta na parehong <i>species</i> lang ang <i>L. cristatus</i> at <i>L. seach</i> at magkaiba lámang ito ng kasarian.
Ag	Rekrek (babae)								Tal-al		
If/MP											
Tag	Tarat, Pakiskis								Tibalas, Tibaas		
Ceb	Arisgís								Tibas		
Bo											
Wa									Palatatok, Tababaras		
											Ugali ng mga ibong ito ang kumain ng mga dagá at maliit na hayop na minsan ay sinlaki nila. Madalang ang paraan ng pagpatay ay mabilis na pagpitik paikot ng tuka habang hawak nito ang leeg ng dagá/butiki. Pagkatapos, kamilang itutusok ang mga hayop sa mga tinik ng halaman at saká pipira-pirasuhin.
Il					Berdugo				Palal, Panal		
Ag	Rekrek (lalaki)										
Tag	Tarat				Mamumugót, Kabisote						
Ceb					Verdugo, Mamomonggot						
Bo									Tibas		
Wa									Tababaras		
											Ang ibong ito ay pula at matatagpuan sa palayan. bilit, denas=ibon; tuleng=bingi; pale=palay dampol=katas ng punò na kulay pula
Il					Bilit tuleng				Dighas		
Ag											
Kap								Denas malutu			
Tag								Mayang pula, Mayang dampol			
Wa								Maya nga pula			
Il								Bilit tsina		Maaaring dahil sa pagiging kulay puti kayá binansagang banyaga	
Tag								Mayang kosta			
											<i>Lanius cristatus</i> (Brown Shrike)
											<i>Lanius seach</i> (Long-tailed Shrike)
											<i>Lonchura atricapilla</i> (Chestnut Munia)
											<i>Lonchura oryzivora</i> (Java Sparrow)

<i>Cinnyris jugularis</i> (Olive-backed Sunbird)	R	Il	Siwsiw-it, Siwit					Tilad-tilad	Ang humi ay halo-halong matinis na paisa-isang twit, o sa ayos na "chip-chip-chiwit" at "sit-sit-siwit"
		Ag							
		Tag	Siwit, Arumasit	Pipit puso				Tamsi	
		Ceb	Tsiwit	Tamsi nga dilaw				Tamsi	
		Bo						Tamsi	
		Hil	Tiwis					Tamsi	
		Wa	Siwit					Tamsi	
<i>Rhipidura nigritorquis</i> (Philippine Pied Fantail)	E	Il			Pandanggera				Nagtataglay ang ibon ng malaabanikong buntot na kaniyang pasayaw na "ipinapaypay" bilang simbolo ng pagkateritoryal at pang-akit ng kapares. Kiyod, tiwad=ritmikong paggalaw ng baywang Ang humi ay magsapang na panaka-nakang "rekkk..." Ang ngalang maragmak ay mula umano sa panamalagi ng ibon sa may dumi ng mga kalabaw (maragamak = pagsasahimig ng basang pagbagsak ng dumi) para kainin ang mga langaw rito. Marahil napaglito ito sa <i>Pied Bushchat</i> o <i>Pied Flycatcher</i> na mas malamang na nagtataglay ng gamitong ugali.
		Ag						Mangatiklan	
		Tag		Maria Kapra	Paypago				
		Ceb	Tarerekoy		Taliwadtiwad, Bangkiyod			Kalamantigon	
		Bo			Tad-tad				
		Hil				Maragmak			
		Wa		Marya Kapra				Bakala	

<i>Loriculus philippensis</i> (Philippine Hanging Parrot)	E	Il							Kulasasi/ Colasasi		
		Tag							Kulasasi/ Colasasi, Bulilising		
		Ceb							Kulasasi/ Colasasi		
		Wa							Kusá		
<i>Centropus bengalensis</i> (Lesser Coucal)	R	Il	Siguku, Kaku, Siakok							Ang humi ay paulit-ulit na 2-3 pantig ng "si-ga-kok" o "si-kok"	
		Tag	Sabokot ^u , Shabokot ^u ,								
		Ceb	Kokok ^u , Saguksok								
		Wa	Kokok ^u , Saguksok, Suksok, Sabuko								
<i>Aplonis panayensis</i> (Asian Glossy Starling)	R	Tag							Galansiyang, Darangsiyaw, Kuling		
		Pal							Mamadyang		
		Ceb								Galansiyang, Lansiyang	
		Bo								Lansiyang	
		Wa								Daragsiyang, Dansiyang, Galansiyang	

<i>Hirundo tahitica</i> (Pacific Swallow)	R	Il			Salsalapingaw					Hindi madalas naririnig ang huni. Sa halip ay madalas makitang lumalayag sa himpapawid nang hindi pumapagaspas ng pakpak na parang sumasayaw.
		If/MP			Alimpangawan					
		Ag							Kalawen	
		Tag			Layang-layang, Sayaw, Balinsasayaw					
		Ceb			Langay-langay, Talimbabatang					
		Wa			Balinsasayaw, Sayaw-sayaw					
<i>Dendrocopos maculatus</i> (Philippine Pygmy Woodpecker)	E	Ag						Kamambitel	Gumagawa ng lungga sa pamamagitan ng pagbutas sa mga punò.	
		Tag						Tatalilik		
		Ceb				Karpinterong maliit				
		Wa				Balalatok				
<i>Megalaima haemacephala</i> (Coppersmith Barbet)	R	Il							Hindi ugali, bagkus huni na parang “pok... pok... pok.”	
		Ag								
		Tag								
		Ceb								
		Wa								
		Il								
<i>Todiramphus chloris</i> (White-collared Kingfisher)	R	Il							Ang huni ay matinis at patorotot na irit. Minsan ay “tak-ray...” Marahil ang salaksak ay tumuturing sa pabulusok nitong teknik kapag manghuhuli ng isda mula sa tubig, o paglalarawan sa tuka nitong prominente.	
		Ag				Salaksak				
		Tag				Salaksak				Kasay-kasay, Susulbot
		Bik				Salaksak				
		Ceb								Susulbot
		Hil								
		Wa								

<i>Geopelia striata</i> (Zebra Dove)	R		Il	Korokotok ^u	Bato-bato ^u		Pagaw	Ang humi ay tulad ng kalapati na "kru... kru..."
		Tag	Korokotok ^u	Bato-bato ^u				May ilang nagsasabing bató-bató ang naging ngalan dahil sa kakayahang nitong pumirme nang pangmatagalan na parang bató. May ilan namang nagsasabi na bató-bató ito dahil sa disenyo at kulay ng katawan nito.
		Hil	Korokokok ^u					
		Bo	Tukmo					
<i>Phapitreron leucotis</i> (White-eared Brown Dove)	E		Il				Alimukon	
		Ag					Laguiden	
		Tag		Bato-batong tulog	Bato-batong gubat		Limukon, Alimukon	
		Ceb					Limukon, Alimukon	
		Ag					Uret	
<i>Tanygnathus lucionensis</i> (Blue-naped Parrot)	E		Tag				Pikoy	
		Bik		Batutok				
		Ceb					Pikoy, Periko	Batutok marahil sa bughaw nitong patsé sa may batok
		Wa					Pikoy, Periko	
<i>Acridotheres cristatellus</i> (Crested Myna)	R		Il					
		Tag					Martinez, Martines, Martin	
		Ceb						

<i>Caprimulgus manillensis</i> (Philippine Nighthawk)	E									Madalas itong nagtatago (<i>camouflage</i>) sa sahiḡ ng kagubatan kayá marahil tinaguriang kandarapa at daplak. Ito rin ay nokturnal.
	Il									
	Ag									Saksakulap Tagao
	Tag									
	Bik									
	Ceb									
Wa										Kaò kaò

Lejend:

- R- residente /lumalagi
- E- endemic /katutubò
- M- migratoria/dayo
- Il- Iluko
- Ag- pangkat-etnikong Agta
- Kap- Kapampangan
- If/MP- Ifugao/Mt. Province
- Tag- Tagalog
- Bik- Bikol
- Pal- Palawan
- Ceb- Cebuano
- Bo- Boholano
- Hil- Hiligaynon
- Wa- Waray

- ^u- may varyant kung saan papalitan ang patinig na /o/ ng /u/ [hal. korokotok = kurukutok]
- ⁱ- may varyant kung saan papalitan ang patinig na /e/ ng /i/ [hal. perok-perok = pirok-pirok]